



Mga Impeksyong Naipapasa sa Pamamagitan ng Pakikipagtalik (Sexually Transmitted Infection, STI)

Sa Alameda Alliance for Health (Alliance), narito kami para tulungan kang pamahalaan ang iyong kalusugan. Magagamit mo ang gabay na ito para matuto pa tungkol sa mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (STI).

ANO ANG MGA STI?

- Ang mga STI ay mga impeksyong puwede mong makuha sa pamamagitan ng sekswal na pakikipagtalik, kasama ang pakikipagtalik gamit ang ari, puwit, at bibig. Nagdudulot ang mga ito ng mga sakit na naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik (sexually transmitted disease, STD).
- Karaniwan lang ang mga STI at puwedeng makaapekto ang mga ito sa sinumang nakikipagtalik, lalaki man o babae.
- May mahigit 20 uri ang mga STI.

MGA KARANIWANG STI:

- Chlamydia
- Genital herpes
- Gonorrhea
- Hepatitis B
- HIV/AIDS
- Human papillomavirus (HPV)
- Syphilis
- Trichomoniasis



PAG-IWAS SA MGA STI

- Puwede kang magbakuna para makatulong sa pag-iwas sa HPV at hepatitis B. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga bakunang ito.
- Bawasan ang bilang ng iyong mga kapareha. Ang pinakaligtas na paraan ay ang pag-usapan ninyo ng kapareha mo na sa isa't isa lang kayo makikipagtalik. Kausapin ang iyong (mga) kapareha tungkol sa pananatiling ligtas bago makikipagtalik. Tiyaking magpapasuri kayo at ibabahagi ninyo ang mga resulta sa isa't isa.
- Gumamit ng condom sa tuwing makikipagtalik ka. Latex o plastic na condom ang nakakapagbigay ng pinakamahasag na proteksyon. Huwag kalimutang tingnan ang petsa ng pag-expire at basahin ang package. Kung kailangan mo ng condom, puwede kang resetahan nito ng iyong doktor.
- Ang pinakasiguradong paraan para makaiwas sa STI ay ang hindi makikipagtalik sa pamamagitan ng ari, bibig, o puwit. Tinatawag iyon na abstinence.

PAGSUSURI PARA SA AT PAGGAMOT NG MGA STI

- Regular na magpatingin at tanungin ang iyong doktor kung kailan ka dapat magpasuri.
- Maraming STI ang walang sintomas, pero puwede pa ring magdulot ng mga problema sa kalusugan. Ang tanging paraan para malaman kung mayroon ka nito ay ang magpasuri. Posibleng kailanganin mong magpasuri ng dugo, ihi, o magpa-swab.
- Kung ikaw ay may edad na 12 taon pataas, puwede kang magpagamot ng STI nang walang pahintulot mula sa iyong magulang o tagapangalaga.
- Kung magpopositibo ka, tiyaking gagamitin mo ang gamot sa tamang paraan. Mga gamot na inireseta lang sa iyo ang gamitin.
- Tanungin ang iyong doktor tungkol sa pagsusuri at paggamot para sa iyong kapareha. Iwasang makipagtalik hangga't hindi pa kayo parehong nagagamot.

KAPAG MAYROON KANG STI, POSIBLENG MAYROON KA NG ISA O HIGIT PA SA MGA SINTOMAS NA ITO:

- Discharge mula sa ari
- Mahapding pakiramdam o pananakit kapag umihi
- Makiroto o parang namamagang bahagi sa bandang singit
- Makiroto o makating sore o bump malapit sa ari

Kung mayroon kang anumang sintomas, tanungin ang iyong doktor tungkol sa kung anong mga pagsusuri at paggamot para sa STI ang makakatulong.

MAGHANAP NG MGA LUGAR NG PAGSUSURI PARA SA STI NA MALAPIT SA IYO:

- Toll-Free na Linya para sa Kalusugan ng Pamilya ng County ng Alameda: **1.888.604.4636** (Nag-aalok ng interpreter)
- Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention): **gettested.cdc.gov**
- Don't Think Know (pagsusuri para sa chlamydia at gonorrhea): **alameda.dontthinkknow.org**



Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor, tumawag sa:

Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance

Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**

www.alamedaalliance.org

ALAMEDA
Alliance
FOR HEALTH

HE_STI 01/2022
HED SH-1, 11/2021